


1

# MTB-MLE

## Unang Markahan- Modyul 33: Pantangi at Pambalana, Si at Sina



## **MTB-MLE - Unang Baitang**

### **Alternative Delivery Mode**

### **Unang Markahan – Modyul 33: Pantangi at Pambalana, Si at Sina**

### **Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

#### **Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

<b>Manunulat:</b>	Evelyn T. Peredo, Andrea G. Antonio
<b>Editor:</b>	Maria Geraldine G. Lastra - Bermudez, Michael Jun T. Agcaoili, Melany D. Belgica, Mark-Jhon R. Prestoza, Jun-Jun R. Ramos
<b>Tagasuri:</b>	Marietess B. Baquiran, James D. Pamittan, Michael Jun T. Agcaoili
<b>Tagalapat:</b>	Evelyn T. Peredo, Michael Jun T. Agcaoili
<b>Tagapamahala:</b>	Benjamin D. Paragas Jessie L. Amin Octavio V. Cabasag Rizalino G. Caronan, Romel B. Costales James D. Pamittan Rodrigo V. Pascua Marietess B. Baquiran Maria Cristina A. Acosta Maria Geraldine G. Lastra – Bermudez

#### **Inilimbag sa Pilipinas ng**

#### **Department of Education – Region II**

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao  
City, 3500Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728  
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

## MTB-MLE

Unang Markahan- Modyul 33:  
Pantangi at Pambalana, Si at  
Sina

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito. Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## Alamin


Ang modyul na ito ay sadyang inihanda at isinulat para malinang ang iyong kakayahan at mabigyan ng magandang pagkakataon upang maging kasiya-siya ang iyong pag-aaral sa asignaturang Mother Tongue sa unang baitang.

Dito, malalaman mo ang tungkol sa dalawang uri ng pangngalan (pantangi at pambalana) at noun markers (si at sina) (MT1GA-Ig-1-h.2). Sa pagtatapos ng modyul na ito ay inaasahang makagagawa ka ng mga pangungusap gamit ang mga ito.



## Subukin

Tingnan mabuti ang mga larawan. Piliin kung ito ay tao, bagay, hayop o lugar. At isulat ang titik ng tamang sagot sa sulatang papel.




- A. bagay
- B. hayop
- C. tao
- D. lugar




- A. bagay
- B. hayop
- C. tao
- D. lugar

3.



- A. bagay
- B. hayop
- C. tao
- D. lugar

4




- A. bagay
- B. hayop
- C. tao
- D. lugar




## Balikan

Pagmasdan ang dalawang larawan. Kailan ginagamit ang **SI** at **SINA**?



Si Tatay ay masipag.



Sina Ate at Kuya ay mababait.

Ang Aking Pamilya  
Ni: Evelyn T. Peredo

Ang aking pamilya ay binubuo ng lima:  
Ako, Si Nanay, si Tatay, sina Ate at Kuya  
Sa aming munting tahanan, kami'y sama-sama  
Sa hirap man o ginhawa, kami'y nagkakaisa.

Sagutin ang tanong mula sa kwento na itatanong ng iyong magulang o tagapag-alaga.

1. Ilan ang bumubuo sa pamilya?
2. Sino-sino ang mga kasapi ng pamilya?
3. Bakit kailangang nagkakaisa ang pamilya?



## **Tuklasin**

Pakinggan ang kuwento na babasahin ng iyong magulang o tagapag-alaga at sagutin ang mga tanong pagkatapos.

### **Pista sa Aming Barangay**

**Ni: Evelyn T. Peredo**

Masayang-masaya ako kapag pista sa aming barangay. Napakaraming taong nagpupunta sa mga bahay. May laro para sa aming mga bata at pati na rin sa matatanda.

Masasarap na pagkain – prutas, gulay, karne at isda ang handa. May sari-saring banderitas na makikita. Mga bag, tsinelas at sombrero ay iyo ring makikita. Ang lahat ng ito ay gawa ng mga tao sa aming barangay.

**1. Ano ang pakiramdam ng mga tao pagsapit ng pista?**

---

**2. Ano ano ang mga makikita sa pista ng barangay?**

---

**3. Saan galing ang mga nabanggit na produkto?**

---






## *Suriin*

Basahin ang mga salitang napakinggan mo. Bigkasin ang mga ito kasama ang magulang o tagapag-alaga.

pista	barangay	pagkain
bag	tao	gulay
tsinelas	sumbrero	prutas



## *Pagyamanin*


A. Kopyahin ang mga salita. Ilagay sa isang hanay ang mga pantangi at sa isang hanay din ang mga pambalana. Isulat ito sa sulatang papel.

nanay	damit
John Patrick	Angadanan
sabon	Sampaguita


B. Basahin ang mga pangugusap kasama ang magulang o tapag-alaga. Sabihin kung ang pangngalang nasalungguhitan ay pantangi o pambalana.



Halimbawa: Si Gng. Rose De Leon ay napakabait.  
**Pantangi**




1. Ito ang damit-pantulog ng ate ko.



2. Sa bukid kami pumupunta tuwing Sabado.



3. Ito ang palaruan na pinapasyalan namin.



4. Binili itong motorsiklo sa siyudad ng Cauayan.



5. Si Roberto ay isang magsasaka.



## **Isaisip**

### **TANDAAN:**

Ang **PANGNGALAN** ay ngalan ng tao, bagay, hayop at lugar.

May **dalawang uri ng pangngalan:**

1. pantangi
2. pambalana.

Ang **PANTANGI** ay tumutukoy sa tiyak na ngalan ng tao, bagay, hayop at lugar. Ito ay nagsisimula sa malaking titik.

Halimbawa: Evelyn, Gumamela, Angadanan

Ang **PAMBALANA** ay tumutukoy sa pangkalahatang ngalan ng tao, bagay, hayop at lugar. Ito ay nagsisimula sa maliit na titik.

Halimbawa: guro, aso, paaralan

Ang **SI** ay pananda ng isang tiyak na ngalan ng tao. Ang **SINA** ay pananda ng dalawa o maraming tiyak na ngalan ng tao.



## **Isagawa**

A. Babasahin ng magulang o tagapag-alaga ang mga pangungusap. Isulat sa sagutang papel kung si o sina ang tamang gamit sa mga pangngalan.

1. Si/Sina June ay nagwawalis.
2. Si/Sina Mona at Ivana ay kumakanta.
3. Magkasama si/sina Lester at Ryan.
4. Sumasayaw si/sina Garet.
5. Si/Sina Andrea ay naglalaro.

B. Basahin ng magulang o tagapag-alaga ang mga pangngalan at sabihin kung ang mga sumusunod na salita ay pantangi o pambalana. Isulat ang sagot sa sagutang papel.


1. manok
2. Isabela
3. kalsada
4. bisikleta
5. Covid 19



## Tayahin

Hanapin ang pangungusap sa kahon na tungkol sa mga pangngalan ng larawan sa tulong ng magulang o tagapag-alaga. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1



3



2



4



- A. Sina Arnel, Romalyn, Glenda at Nathan ay naglalaro sa palaruan.
- B. Nagtatanim ng pinya si Miko.
- C. Nagpapakuha ng larawan sina Edlyn at Joshua.
- D. Nagtatanim ng halaman si James.



## Karagdagang Gawain


Isulat kung pantangi o pambalana ang pangngalan sa sulatang papel.




1. doktor - \_\_\_\_\_




2. Bb. Sandra Cruz - \_\_\_\_\_



3. Tomas - \_\_\_\_\_



4. mangisngisda - \_\_\_\_\_



5. bukid - \_\_\_\_\_





## Susi sa Pagwawasto

<p>Karagdagang Gawain</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Pambalana</li> <li>2. Pantangi</li> <li>3. Pantangi</li> <li>4. Pambalana</li> <li>5. Pambalana</li> </ol>	<p>B</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. damit pantulog – pambalana</li> <li>2. bukid – pambalana</li> <li>3. palaruan – pambalana</li> <li>4. motorsiklo – pambalana</li> <li>5. Roberto - pantangi</li> </ol>		
<p>Tayahin</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. C</li> <li>2. B</li> <li>3. A</li> <li>4. D</li> </ol>	<table border="1"> <tr> <td data-bbox="699 824 997 1041"> <p>PAMBALANA</p> <p>John Patrick damit nanay</p> </td> <td data-bbox="997 824 1410 1041"> <p>PANTANGI</p> <p>Angadanan Sampaguita sabon</p> </td> </tr> </table>	<p>PAMBALANA</p> <p>John Patrick damit nanay</p>	<p>PANTANGI</p> <p>Angadanan Sampaguita sabon</p>
<p>PAMBALANA</p> <p>John Patrick damit nanay</p>	<p>PANTANGI</p> <p>Angadanan Sampaguita sabon</p>		
<p>B</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Pambalana</li> <li>2. Pantangi</li> <li>3. Pambalana</li> <li>4. Pambalana</li> <li>5. Pantangi</li> </ol>	<p>A</p> <p>Pagymanin</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. C</li> <li>2. B</li> <li>3. A</li> <li>4. D</li> </ol>		
<p>A</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Si</li> <li>2. Sina</li> <li>3. sina</li> <li>4. si</li> <li>5. Si</li> </ol>	<p>Subkin</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. D</li> <li>2. C</li> <li>3. A</li> <li>4. B</li> </ol> <p>Balikan</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Lima</li> <li>2. Nanay, Tatay, Ate, Kuya, Bunso</li> <li>3. Maraming maaring sagot</li> </ol> <p>Tuklasin</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Masayang-masaya</li> <li>2. Banderitas, bags, tsinelas, sombrero</li> <li>3. Sa kanilang barangay</li> </ol>		

## ***Sanggunian***

Department of Education. Mother Tongue Based-Multilingual Education Learner's Materials, 2019

Department of Education. Mother Tongue Based-Multilingual Education Teacher's Guide, 2016

Department of Education. "K To 12 Most Essential Learning Competencies With Corresponding CG Codes". Pasig City: Department of Education Central Office, 2020

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)